**FILIPINO 2**

**UNANG TERMINONG REVIEWER WORKSHEET**

**Basahin ang mga tanong at sagutin ito.Piliin ang letra ng tamang sagot.**

______1. Alin ang salitang nagsisimula sa tunog /b/?
A. mesa B. bola C. lata

______2. Aling letra ang kabilang sa pangkat ng katinig?
A. g B. a C. e

______3. Ang salitang "halaman" ay may ilang pantig?
A. 1 B. 2 C. 3

______4. Aling pares ang may magkatulad na tunog sa hulihan?
A. puno–pinto B. hikaw-ilaw C. lapis–papel

______5. Alin ang halimbawa ng salitang may diptonggo?
A. sayaw B. mesa C. bola

______6. Alin ang may dalawang magkasunod na katinig o klaster?
A. braso B. aso C. ulan

______7. Kung ikaw ang nagsasalita, anong panghalip ang gagamitin?
A. Ako B. Siya C. Sila

______8. Kung may nadapang bata ano ang dapat gawin?
A. Tawanan siya
B. Itago ang mga ito.
C. Tulungan siyang makatayo.

______9. Alin sa sumusunod ang pandiwa?
A. masaya B. nagsusulat C. guro

______10. ______  payong ay bago. Piliin ang wastong pantukoy.
A. Ang B. Sina C. Si



______11. ______ lapis ay matutulis.
A. Si B. Ang mga C. Sina

LIVEWORKSHEETS

_____12. _____ Rosa ay mahusay umawit.
A. Si B. Sina C. Ang mga

_____13. _____ Carlo at Ben ay magkaklase.
A. Si B. Sina C. Ang

_____14. Sina Ana _____ Lito ay magkapatid.
A. at B. o C. si

_____15. Anong gusto mo mansanas _____ saging?"
A. at B. o C. si

_____16. Alin ang nagpapahayag ng isang buong kaisipan?
A. Sa tabi ng bahay
B. Ang batang masipag
C. Si Rosa ay nagbabasa.

_____17. Alin ang halimbawa ng parirala?
A. Sa ilalim ng puno
B. Si Carlo ay tumatakbo.
C. Nagluto si Nanay.

_____18. Alin ang pangungusap na nagbibigay ng impormasyon?
A. Saan kayo pupunta?
B. Si Lito ay nag-aaral araw-araw.
C. Kumain ka na ba?

_____19. Alin ang wastong paggamit ng malaking titik?
A. si Maria ay mabait.
B. Si maria ay mabait.
C. Si Maria ay mabait.

____20. Anong bantas ang inilalagay sa hulihan ng pangungusap na patanong?
A. , B. . C. ?

____21. Alin ang pangungusap na nagtatanong?
A. Naglalaro si Ben.
B. Naglalaro ba si Ben?
C. Si Ben ay naglalaro.

LIVEWORKSHEETS

______22. Piliin ang wastong pagkakasulat ng tanong.
A. Ano ang pangalan mo?
B. ano ang pangalan mo.
C. Ano ang pangalan mo.

______23. Ano ang simuno sa pangungusap?
A. Bahaging pinag-uusapan.
B. Bahaging nagsasabi ng kilos lamang.
C. Bantas.

______24. Sa "Ang mga bata ay naglalaro," alin ang panaguri?
A. Ang mga bata B. ay naglalaro C. mga bata

**BASAHIN ANG KWENTO**

**Ang Nawawalang Aklat**

Isang umaga, papunta si Marco sa paaralan. Habang naglalakad siya, nakita niya ang kaniyang kaklaseng si Nina na naghahanap ng isang bagay. Nawala pala ni Nina ang kaniyang paboritong aklat. Tinulungan siya ni Marco na hanapin ito. Una, tumingin sila sa loob ng silid-aralan. Pagkatapos, hinanap nila ito sa ilalim ng mesa. Sa wakas, nakita nila ang aklat sa tabi ng kanilang bag. Nagpasalamat si Nina kay Marco at sabay silang pumasok sa klase.

______25. Sino ang mga tauhan sa kwento?
A. Marco at Nina B. Guro C. Carlo at Nina

______26. Saan papunta si Marco nang makita niya si Nina?
A. Palengke B. Paaralan C. Parke

______27. Ano ang problemang kinaharap ni Nina sa kuwento?
A. Nawala ang kaniyang aklat.
B. Naiwan ang kaniyang baon.
C. Nasira ang kaniyang bag.

LIVEWORKSHEETS

______28. Paano tinulungan ni Marco si Nina?

A. Tinulungan niyang hanapin ang aklat.
B. Umuwi siya agad.
C. Tinawanan niya si Nina.

______29. Ano ang naging bunga ng kanilang paghahanap?

A. Nahanap ang aklat at nagpasalamat si Nina.
B. Nawala ang aklat.
C. Umuwi si Marco nang mag-isa.

______30. Alin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari?

1. Nakita nila ang aklat.
2. Nakita ni Marco si Nina na naghahanap.
3. Hinanap nila ang aklat.
4. Nagpasalamat si Nina.

A. 2 – 3 – 1 – 4
B. 1 – 2 – 3 – 4
**C. 4 – 3 – 2 – 1**

LIVEWORKSHEETS